COLLEGE OF
MIDWIVES
OF BRITISH COLUMBIA

#603 – 601 West Broadway
Vancouver, BC V5Z 4C2

Phone: 604-742-2230
Fax: 604-730-8908

information@cmbc.bc.ca
www.cmbc.bc.ca

Pagsasampa ng Reklamo

Sino ang Maaaring Magsampa ng Reklamo?

- Maaaring magsampa ng reklamo ang sinuman laban sa Rehistradong Komadrona sa BC kung hindi siya nasiyahan sa pangangalagang natanggap niya. Inaatasan ang College of Midwives of British Columbia (CMBC) na protektahan ang publiko at tiyaking ang mga komadrona ay mahusay, etikal, at nagtatrabaho nang ligtas alinsunod sa mga naitatag na pamantayan.

Paano Magsampa ng Reklamo?

- Hindi biro ang pagsasampa ng reklamo; kung posible, subukan munang resolbahin ang problema sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan sa komadrona. Kung gusto ninyo, maaari kayong makipag-ugnayan sa CMBC bago magsumite ng reklamo sa pamamagitan ng direktang pagtawag sa Registrar ng CMBC sa 604-742-2234.
- Kung hindi malulutas ang isyu sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, mangyaring magsumite ng reklamo sa CMBC sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa: 603-601 West Broadway, Vancouver, BC, V5Z 4C2 o ng email sa: registrar@cmbc.bc.ca. Pakisaad ang inyong buong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, ang pangalan ng komadrona/mga komadronang kasangkot, at ang mga detalye ng reklamo ninyo, kasama ang mga kaugnay na petsa.

Ano ang Mangyayari Pagkatapos Kong Magsampa ng Reklamo?

- Ang CMBC ay makikipag-ugnayan sa inyo at sa komadrona/mga komadrona sa buong proseso, magsasagawa ng masusing pagsisiyasat, at magbibigay sa inyo ng mga kumpletong pagsusuring makakaapekto sa huling pagpapasya nito.
- Upang simulan ang pagsisiyasat, bibigyan ng kopya ng inyong reklamo ang komadrona/mga komadrona, at hihilingin sa kanila na magbigay ng tugon. Ibibigay sa inyo ang kanilang tugon upang magkaroon kayo ng pagkakataong tumugon din o magsumite ng karagdagang impormasyon.

Ano ang mga posibleng kinalabasan?

- May ilang opsyon ang CMBC para sa pagresolba ng mga reklamo, at ang mga sumusunod ay kabilang ngunit hindi limitado sa mga ito:
  - pag-dismiss ng reklamo dahil sapat ang ibinigay na pangangalaga ng komadrona/mga komadrona;
  - pagbibigay ng payo sa komadrona/mga komadrona para sa pagwawasto;
  - pag-aatas na kumuha ng mga partikular na kurso sa pag-aaral ang komadrona/mga komadrona;
  - pagpapataw ng mga limitasyon at kundisyon sa pagtatrabaho ng komadrona/mga komadrona;
  - at/o pagbabawal sa komadrona/mga komadrona na magpatuloy ng pagtatrabaho bilang komadrona.
- Hindi magagawa ng CMBC na magsuri ng pinsala o magbigay ng indemnisasyon sa nagrereklamo. Ginagawa ito sa pamamagitan ng sistema ng hukuman.

Maaari ba akong mag-apela?

- Kung hindi ka kuntento sa antas ng pagsisiyasat ng CMBC o sa kinalabasan ng pagpapasya, mayroon kang karapatang isumite ang alalahaning ito sa Health Professions Review Board (HPRB) para sa pagsusuri. Isasama ang impormasyong ito sa liham ng huling desisyon.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa proseso ng pagrereklamo ng CMBC, mangyaring makipag-ugnayan sa Registrar ng CMBC sa registrar@cmbc.bc.ca o 604-742-2234.